# KASALANAN SA IGLESIA




Aralin 4 para sa ika-25 ng Hulyo, 2026


“O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? at hindi kayo sa inyong sarili; Sapagka't kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Dios.”
(1 Corinto 6:19,20)

Ginugol ni Pablo ang kabanata lima hanggang pito ng 1 Corinto sa pagsisikap na alisin ang kasalanang malalim na ang ugat sa iglesia ng Corinto: sekswal na imoralidad.

Ang kasalanang ito ay ibinibilang ng iba sa mga kasong gaya ng pandaraya sa kapatiran, na dinadala sa mga korteng sibil.

Gamit ang malinaw at direktang salita, hindi lang tinukoy ni Pablo ang kasalanan, ngunit nagbigay din ng ilang solusyon para dito, at kung paano hindi na mahulog dito.







**Kasalanan sa iglesia**

- Ang hinayaang kasalanan
- Pag-alis ng kasalanan
- Pag-ayos ng mga problema sa loob

**Paano iwasan ang kasalanan sa iglesia**

- Mga Templo ng Banal na Espiritu
- Makatarungang Sekswalidad



# KASALANAN SA IGLESIA

# ANG HINAYAANG KASALANAN

"At kayo'y mga mapagpalalo, at hindi kayo bagkus nangalumbay, upang maalis sa gitna ninyo ang gumagawa ng gawang ito?" (1 Corinto 5:2)

Sa iglesia ng Corinto ay "may pakikiapid, at ang ganyang pakikiapid ay wala kahit sa mga Gentil, na isa sa inyo'y nagaari ng asawa ng kaniyang ama" (1 Cor. 5:1).



Ang pagkakaroon ng sekswal na relasyon sa kamag-anak ay napakaseryosong bagay sa iglesia. Ngunit lumala pa lalo ang sitwasyon dahil, sa halip na kamuhian ito, may kayabangan pa nilang hinahayaan ito (1 Cor. 5:2 NIV).



Karamihan sa iglesia ay mga Hentil. Sinasabi ng kanilang konsensya na hindi dapat hayaan ang pakikipagrelasyon sa kapamilya. Dagdag pa dito, nalaman din nila ang Kasulatan (Lev. 18:8).

Kung malinaw sa kanila na ang relasyon na ito ay kasalanan... bakit masaya pa sila dito (1 Cor. 5:6)? Maimpluwensya ba ang pamilyang nagkasala sa iglesia? Nagyayabang ba sila na hinahayaan nila ang mga mali?

# PAG-ALIS NG KASALANAN

"Datapuwa't sa nangasa labas ay Dios ang humahatol. Alisin nga ninyo sa inyo ang masamang tao." (1 Corinto 5:13)



Ang kaso ng incest ay "alam na ng publiko" (1 Cor. 5:1), kaya dapat itong lutasin agad upang hindi masira ang dangal ng iglesia. Ano ang mga dapat gawin?


Gumawa ng pasya upang ituring o hindi ang isang tao na guilty (1 Cor. 5:3)

→

Huwag makisalamuha sa nagkasala, o kaya ay makisalo sa kanya, habang iginigiit nyang myembro parin sya ng iglesia, ngunit ayaw iwan ang kanyang kasalanan (1 Cor. 5:11)

→

Alisin ang nagkasala at ipaubaya sya "kay Satanas," dahil, sa pag-alaga sa kasalanang ito, kusa syang nagpailalim sa pamatok ni Satanas (1 Cor. 5:2b, 5a, 13b)





Ang pagdisiplina sa iglesia (gaano man kabigat nito) ay dapat palaging sa ikaliligtas ang sadya. Dapat linawin ang kasalanan ng tao upang makilala ito, pagsisihan, at "maligtas sa araw ng ating Panginoong Jesus" (1 Corinto 5:5).



# PAG-AYO NG MGA PROBLEMA SA LOOB

"Nangangahas baga ang sinoman sa inyo, kung mayroong anomang bagay laban sa iba, na siya'y magsakdal sa harapan ng mga liko, at hindi sa harapan ng mga banal?" (1 Corinto 6:1)



Matapos ipaliwanag kung paano lutasin ang kasalanan sa iglesia, sinaway sila ni Pablo sa hindi pagsunod ng tama sa mga tuntunin at sa pagpayag na umabot sa korte ang away ng dalawag kapatiran (1 Corinto 6:1-6). Ngunit dinagdagan pa ni Pablo at tinumbok ang ugat ng problema.

- Una, dapat walang hindi pagkakaunawaan sa mga miembro ng iglesia (1 Cor. 6:7a) at, syempre, dapat hindi gawan ng mali o lokohin ng isa ang kapwa myembro (1 Cor. 6:8).



- Ikalawa, dapat handang magpatawad sa kasalanan ang magkakapatid (1 Cor. 6:7b).
- Ikatlo, kung may pagtatalo sa mga myembro, dapat maging hukom o mamagitan sa kanila ang iglesia (1 Cor. 6:2).

Maliban kung ito ay krimen (Rom. 13:1-5), dapat ang problema sa loob ng iglesia ay ayusin lang sa loob.

"Tungkulin nating alamin ang ating mga kabiguan at kasalanan, na nagdudulot ng kadiliman at kahinaan sa espiritwal, at sinusugpo ang una nating pag-ibig. Ito ba ay pagiging makamundo? Ito ba pagkamakasarili? Ito ba ay pagpapahalaga sa sarili? Ito ba ay paghahangad na mauna? Ito ba ay kahalayang napakadalas? Ito ba ang kasalanan ng mga Nicolaitans, nagiging mahalay dahil sa biyaya ng Dios? Ito ba ay ang maling paggamit at pag-abuso sa dakilang ilaw at oportunidad at prebiliheyo, nagmamalaki sa karunungan at kaalaman sa relihiyon, habang ang buhay at karakter at hindi tugma at mahalay? Ano man ito na inalagaan at pinalago hanggang naging malakas at nangunguna, magsumikap na magtagumpay dito, kung hindi ay malilipol kayo."

EGW (Ye Shall Receive Power, December 18)

# PAANO IWASAN ANG KASALAN SA IGLESIA



# MGA TEMPLO NG BANAL NA ESPIRITU

"O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? at hindi kayo sa inyong sarili" (1 Corinto 6:19)



**Matapos pag-usapan ang isu ng demandahan, bumalik si Pablo sa dating usapin: imoralidad sa iglesia. Bakit nagkakaroon nito?**



**Tinawagan ang mga Kristyano sa kabanalan (1 Cor. 6:11), at dapat ay wala dito ang lahat ng kasalanan. Ngunit nagsasabi ang ilan na, dahil napatawad na ang kanilang mga kasalanan, pwede na nilang gawin ano mang gusto nila sa katawan. Kaya nilinaw ni Pablo na "ang katawan ay hindi sa pakikiapid" (1 Cor. 6:12-13).**



**Ang kanyang katwiran: ang ating mga katawan ay bahagi ni Kristo. Hindi natin pwedeng alisin ang bahagi ni Kristo at ipares sa isang burikit o mangangalunya (1 Cor. 6:15-18).**

**Sa huli, nagdadala ito sa atin sa pagbubulaybulay sa mahalagang bagay: ang ating katawan ay templo ng Banal na Espiritu at, kaya, hindi ating pag-aari, kundi sa Dios (1 Cor. 6:19). Binili tayo ng Dios ng mahalagang dugo ng Kanyang Anak, kaya dapat nating luwalhatiin ang Dios sa ating katawan at sa ating espiritu (1 Cor. 6:20).**

# MAKATARUNGANG SEKSWALIDAD

"Datapuwa't, dahil sa mga pakikiapid, ang bawa't lalake ay magkaroon ng kaniyang sariling asawa, at bawa't babae ay magkaroon ng kaniyang sariling asawa." (1 Corinto 7:2)



Sa pagsagot sa mga tanong na lumabas sa iglesia sa Corinto, tinulungan tayo ni Pablo kung paano tayo makakatakas sa kahalayang sekswal (1 Cor. 7:1).

Dapat: ang mga may asawa ay magsasaya lamang sa makatarungang sekswalidad sa kanilang asawa; ang mga dalaga at binata ay hindi dapat magkaroon ng sekswal na relasyon sa kahit kanino.

Dapat hindi tumanggi ang mga asawa sa sekswal na pakikipagrelasyon upang huwag maitulak ang isa sa pangangalunya (1 Cor. 7:3-5).



Ang mga dalaga o binata na kayang magtiis na hindi mag-asawa ay mas pabor upang magkaroon ng mas malawak na kakayahan sa paglilingkod sa Dios na walang inaalalang pamilya (1 Cor. 7:6-8, 32-34).



Ang mga dalaga at binata na hindi kayang magpigil ay dapat mag-asawa upang maiwasan ang tukso (1 Cor. 7:9).

“Sa paglilingkod sa mga nagkasala, hayaang tumuon kay Kristo ang lahat na mata. […] Magsalita sa mga nagkasala tungkol sa mapagpatawad na awa ng Tagapagligtas. Pasiglahin nila ang mga makasalanan na magsisi, at maniwala sa Kanya na nakapagpapatawad. […]

Hayaang ang pagsisisi ng nagkasala ay tanggapin ng iglesia na may malugod na puso. Hayaang ang nagsisi ay maakay mula sa kadiliman ng hindi pagsampalataya tungo sa liwanag ng pananampalataya at katuwiran. Hayaang ang nanginginig Nyang kamay ay mailagay sa mapagmahal na kamay ni Jesus. Ang pagpapatawad na ito ay pinagtibay sa langit.

**EGW (The Desire of Ages, p. 806)**